

**MGA NANUNUNGKULAN**

## PILIPINO ORGANIZATION 1965 - 1966

| | |
|---|---|
| President | Miss Venus P. Martelino |
| Vice President | Miss Nani Zialcita |
| Secretary | Miss Dulcemina Ong |
| Treasurer | Miss Virginia Romanillos |
| Pros | Miss Socorro Matoza |
| | Mr. Epifano Cadungog |
| Advisers | Miss Amparo Buenaventura |
| | Mrs. Julieta Gonzales |

# Ang Sto. Niño:

## *ISANG HIMALA O HIWAGA*

*ni BERNARDITA DUARTE*

SA PALIGID-LIGID ng Cebu ay nakatayo pa ang mga bantayog ng nakaraang dantaong pagdiriwang ng Kristiyanismo ng Pilipinas. Kusa itong pinanatili sa kanilang kinatatayuan upang matanto ng mga tao na ang ating pananampalataya ay hindi pangkaraniwan lamang na dagling iwaksi sa isipan bagkus ito'y dapat na nakaukit sa bawa't puso.

Nang idaos ang dantaong pagdiriwang mga nilikha'y binigyan ng pagkakataong sambahin ang imahen ng Sto. Niño. Di malirip ang dami ng mga nilikhang sumagot sa pag-anyaya ng mga alagad ng Diyos. Sa libo-libong nanampalataya noon, lahat kaya'y may taos-pusong hangaring sambahin ang Banal na Imahen? Walang makapagsasabi. Ang bawa't salitang dumalog sa labi ng mga alagad ng Diyos ay parang mga mumunting bato na paindayang natatangay sa agos ng tubig at saan ito hahantong, Diyos lang ang nakababatid. Sa pagkakataong yaon, ang mga pari'y nagbakasakaling maantig ang matigas na puso sa pamamagitan ng sermong nagsasaad ng pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa kapwa. Hindi maipagkaila na matagumpay ang dantaong pagdiriwang ng Kristiyanismo ng Pilipinas at sa karamiha'y naguumapaw pa ang labis na kaligayahan na nagkaroon tayo ng ganoong pagkakataong maipamalas sa sanlibutan na munti man ang ating lugar ay malawak naman ang ating pagmamahal sa ating pananampalataya.

Ano naman ang tanikalang nag-uugnay sa halos na nagkakahiwalay na mga pulo ng Pilipinas? Walang iba kundi ang ating pananampalataya at ang Imahen ng Sto. Niño ay siyang nagpapaalab sa marubdob na pag-ibig natin sa Poong Maykapal. Alam ng lahat na ang Sto. Nino ay siyang ibinigay ni Magalyanes kay Huwanang maybahay ni Raha Humabon noong 1521. Ang imahen sa loob ng apat na pu't na taon ay nananatiling isang sagisag ng kanilang mga katutubong paniniwala. Nang dumating si Legaspi noong taong 1565 ay nagkaroon ng sagupaan. Dumanak ang dugo at nagliliyab ang buong kapuluan. Nang humupa na't tumila ang nag-aapoy na kabahayan ay nahalungkat nila ang imahen ng Sto. Niño na hindi man lamang nagasgas o napinsala. Dito nagsimula ang pag pag-usbong ng kanilang paniniwalang ang imahen ay hindi lamang isang handog nanggaling kay Magalyanes kundi isang mula kay Bathala upang maipakita at mapaniwala ang lahat na may nakahihigit pang paraiso kaysa daigdig. Ang imahen ng Sto. Niño nga-

# WIKANG

## Pangulong Tudling

ISANG taon na naman ang lumipas —taon na siyang sumusukat sa bawat buhay at kasaysayan ng tao. Ilang taon na kaya ang mundo? Walang makapagsasabi. Ang hiwaga ng mundo ay siya ring hiwaga ng Lumikha. Ilan rin kayang taon tayo rito sa lupa? Wala ring nakakaalam. Sa bawat paglipas ng taon ay tulad ng isang hakbang patungngong libingan. Ngunit di natin malalaman na ang hakbang natin ngayon ay siya nang pinakawakas.

Balikan natin ang mga nakalipas na taon. Anu-ano ang mga nagawa natin noon? May nagawa ba kaya tayong mabuting pagbabago sa sarili?

Kung itatala lamang natin ang lahat ng ating gawain ay wala na tayong mapagsusulatan ng mga pangyayari ng ating buhay. Ngunit ang mahalaga ay maiukit natin ang ating matamis na alaala hindi lamang sa aklat ng tao kundi sa Banal na Aklat.

Maraming linikha na matagal nang yumao ngunit ang kanilang ala-ala ay pinasasariwa pa rin ng tubig ng kanilang mabuting gawa. Ang kanilang nagawa ay pawang kabutihan na di magawang limutin ng sangkatauhan. Sila'y nabibilang sa lumipas na salinlahi ngunit buhay pa rin sa ating isipan. At tayo'y nasa bagong salinlahi at bagong taon pa, at kasalukuyang gumaganap ng kasaysayan. Isa't isa sa atin ay may pagkakataon na maitutulad sa mga magigiting na yumao.

Kung bibigyan lamang natin ng halaga ang panahon; ay masasa-

# PILIPINO

## "Pagdaan ng Mga Taon . . ."

yang ito kung ito'y lilipas ng walang magandang bakas na maiwan.

Tayo—, tayo lamang ang makagagawa nito, maaring masama o mabuti. Ngunit kung magagawa na rin lamang natin ang mabuti ay bakit pa natin bibigyan ng pagkakataon ang ating sarili na makagawa ng masama.

Noong Paskong nakalipas ay ipinagdiwang natin ang pagdating ng Dakilang Mesiyas. Siya ang naging Ilaw natin upang mabigyan ng liwanag ang nilalakaran nating daan patungo sa Kanyang kaharian at upang di tayo mabulid sa kasamaan. Ngunit hindi lahat sa atin ang nagpapahalaga sa "Liwanag". Maraming umiiwas at tuluyang napasadilim.

Ang pagdiwang natin ng Pasko taon-taon ay siyang nagiging paalaala sa atin ng Kanyang pagbaba sa lupa upang tayo'y tubusin sa pagkakasala. Kaya karapat-dapat na Siya'y Bigyan natin ng walang kasukat na pagpapasalamat.

Bilang pagtanaw ng utang na loob, sa taon na ito, at sa darating pa na taon, ay ialay nating sa Kanya, ang lahat nating gawain at pagibig. Magpakabuti na tayo upang ang ating mga nagawa ay maitala hindi lamang sa puso ng mga tao kundi sa puso ng Manunakop. At upang sa pag daan ng mga taon ay may maiwan tayong gintuang dahon sa aklat ng ating Kasaysayan.

VIRGINIA A. FLORDELIS

---

yon ay nakadambana sa simbahan ng Sto. Niño at Siya'y matagal na't mananatiling maghihintay sa mga taong naliligaw ng landas. Ang hindi Niya pagkakaagnas ay masasabing isang himala o hiwaga ngunit nagbabadya naman ng katotohahang maghihintay Siya upang akayin ang lahat sa landas na maghahatid natin sa sinapupunan ni Bathala.



KAPISANANG PILIPINO

MAIKLING KUWENTO

## SUMUKO RIN!

*ni* VIRGINIA ROMANILLOS — *BSE III*

ALSA-BALUTAN na naman si Nena. Umiiyak at humihikbi itong tinitiklop ang kanyang mga damit upang lumayas na naman sa kanilang tahanan ni Fidel. Kaugalian na niyang lumayas sa kanila't umuwi sa kanyang mga magulang tuwing sila'y magkagalit ni Fidel. Dahil dito ay bininyagan siya sa pangalan na "Ginang Alsa-Balutan."

Si Nena't Fidel ay di pa nakarating sa sapat na gulang nang matangay ang kanilang mga sarili sa agos at init ng batang pagibig. Kaya sila'y humantong sa dambana ng pag-iisang dibdib sa kabila nang pagtutol ng kanilang mga magulang. Masasabi natin sila'y napakabata pa nang sila'y lumagay sa tahimik. Dahil dito'y malimit silang di-magkaunawaan.

Si Fidel, bagama't siya'y bata pa ring tulad ni Nena, ay isang ulirang asawa. Mabait at mapagmahal siya sa asawa. Ngunit dahil sa kalabisan ng pagmamahal sa kabiyak ay di-magawa ang putulin ang malimit na inuugali nito.

Kitang-kita na naman ng mga taganayon si "Ginang Alsa-Balutan" na hawak ang madalas niyang dalhing balutan.

Sinapit ni Nena ang tahanan ng kanyang mga magulang.

"O bakit nandito ka na naman, anak?" Ang salubong na tanong ni Aling Lilay, na siyang kanyang maunawaing ina.

"Hindi na niya ako maha., hu-hu-hu, inaway na naman ako—!" Ang pahikbing sagot ni Nena.

"Hindi na ako babalik sa kanya, inay!" ang dagdag ni Nena.

"Talaga?", ang pabirong tanong ng ina.

"Pag di niya ako susunduin," ang wika ni Nena.

Napatawa si Aling Lilay sa anak. Pinayuhan niyang magpahinga ang anak at saka muna niya aayusin ang walang kakuwenta-kuwentang kaguluhan ng magasawa. Nagpatuloy siya sa kanyang gawain samantalang nagpapahinga ang anak. Binali-wala niya ang pangyayari pagkat bukod sa kadalasan na itong maganap ay alam din niyang kagagawan na naman ito ng kanyang sariling anak.

Sumapit ang gabi, tahimik na tahimik, tanging si Nena na lamang gising nakaupo sa tabi ng bintana at naghihintay sa pagsundo ni Fidel. Ngunit walang Fidel na lumitaw. Nabalisa siya sa gabing yaon. Ayaw siyang dalawin ng antok.

Lumipas ang maraming araw ay wala pa ring Fidel na sumipot. Nasiyahan si Aling Lilay sa mga pangyayari sapagkat naisip-isip niyang ito na ang kaunaunahang pagkakataong mabigyang-aral ang anak.

Dahil sa di paglitaw ng kanyang kabiyak ay maraming bagay ang naglalaro sa kanyang isip: na si Fidel ay natuto nang maakit sa mga magagandang babae at maunawain pa sa kanya. O kaya'y naubusan na ng pagtitiyaga si Fidel.

Walang salitang dinampot uli ang kanyang balutan at bumaba. Napagtanto na niya na siya'y nagkamali; na siya'y nagkulang sa kanyang kabiyak.

Nang sapitin niya ang kanilang lugar ay maraming mata ang napatama sa

(*Sundan sa kabilang pahina*)